



## **SEKSIYON 15 PAGTIGIL NG SERBISYO**

Matitigil ang serbisyo sa tubig dahil sa mga sumusunod na kadahilanan:

### **SA HILING NG KOSTUMER**

Ititigil ang serbisyo ng tubig sa petsang hiniling ng kostumer, maliban kung Sabado, Linggo, at mga araw ng pahinga, basta may paunang abisong ibinigay sa Distrito. Pananagutan ng kostumer ang lahat ng serbisyong ibinigay sa kanyang tirahan hanggang sa petsa kung kailan niya hiniling na itigil ang serbisyo.

### **SA HINDI PAGTUPAD SA MGA ALITUNTUNING ITO**

Ang serbisyo ng tubig ay maaaring matigil, mabago ang klasipikasyon, o matanggal ng Distrito dahil sa pagkabigong tuparin ang alinman sa mga tuntuning sumasaklaw sa serbisyo ng tubig sa mga kostumer.

Kung itinigil ang serbisyo dahil sa hindi pagsunod sa mga alituntunin, puwedeng ipag-utos ng Distrito ang pagbabayad ng pagbabalik ng serbisyo ayon sa itinakda sa Iskedyul ng Antas ng Bayad at Kuwenta bukod pa sa lahat ng dapat bayarang sinisingil ng Distrito bago ibalik ang serbisyo.

Kapag nangyaring binuksan ng kostumer ang pinagmumulan ng serbisyo ng tubig o hinayaan o sinanhi na mabuksan ito pagkatapos na isara dahil sa mga kadahilanan sa itaas, maisasara muli ng Distrito ang pinagmumulan ng serbisyo ng tubig, at magagawan ng kuwenta at makasisingil sa pagbabalik ng serbisyo sa bawat ganoong pangyayari bukod pa sa ibang halagang dapat bayaran ng kostumer bago ang pagbabalik ng serbisyo sa tubig.

### **PARA SA HINDI PAGBABAYAD NG MGA SINGIL**

Para sa hindi residensiyal na serbisyo ng tubig, maititigil ng Distrito ang serbisyo ng tubig kung ang singil sa mga kuwenta ng serbisyo ng tubig at ang kasalukuyang kuwenta sa alkantariya na isinama sa singil ng Distrito ay hindi binayaran sa takdang petsa, o kung ang singil sa isang serbisyo sa dating lokasyon ay hindi binayaran.

Hindi ititigil ang serbisyo ng tubig hanggang hindi pa naman napabayaang ang pagbabayad ng isang kostumer nang hindi bababa sa 60 araw pagkatapos ng takdang petsa ng pagbabayad. Hindi bababa sa 15 araw ng negosyo bago itigil ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, ipadadala ng Distrito sa mail ang nakasulat na abiso ng pagtigil ng serbisyo sa kostumer na nakapangalan sa account gayundin sa taong umookupa kapag hindi pareho ang address ng kostumer sa address ng serbisyo. Bukod pa rito, hindi bababa sa 48 oras bago itigil ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, susubukin ng Distrito na kontakin ang kostumer na nakapangalan sa account o sa taong may sapat na gulang na naninirahan kasama ng kostumer sa pamamagitan nang telepono o harapan at, kapag hindi nagtagumpay, mag-iwan ng pinal na nakasulat na abiso ng pagtigil ng serbisyo at kopya ng patakarang ito sa tirahan o lugar na tinutuluyan.

Para sa hindi pagbabayad ng mga singil para sa residensiyal na serbisyo sa tubig para sa isang pamilya, basahin ang Seksiyon 15A.